

Ano ang Mangyayari Kapag Hindi Nabayaran ang Kontribusyon sa Seguro sa Takdang Petsa

Mga bayad sa kontribusyon — Takdang petsa at mga opsyon sa pagbabayad—

Ang employer ay may pananagutan sa ilalim ng batas na magbayad ng mga kontribusyon sa seguro para sa Employees' Pension Insurance (EPI), Employees' Health Insurance (EHI), at Seamen's Insurance, gayundin ng Child and Childcare Contributions.

Ang takdang petsa para sa buwanang bayad ay sa katapusan ng susunod na buwan. Ang pagbabayad ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng automatic bank transfer o paggamit ng Contribution Payment Notice.

Paghikayat sa pagbabayad

Kung hindi nabayaran ang mga kontribusyon sa takdang petsa, hinihikayat ng Japan Pension Service (JPS) ang employer na bayaran ang mga hindi nabayarang halaga sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng tawag sa telepono, pagpapadala ng mga paalala, o pagbisita sa lugar ng trabaho.

Maaaring makipag-ugnayan ang EPI Contribution Payment Call Center sa ngalan ng tanggapan ng JPS upang hikayat in ang pagbabayad.

Paunawa ng Paghahabol sa Bayad*1

Kapag hindi nabayaran ang mga kontribusyon sa takdang petsa, magpapadala ang JPS ng Demand Letter (督促状) habang patuloy na hinihikayat ang pagbabayad sa pamamagitan ng telepono at iba pang paraan.

Kung hindi pa rin nabayaran ang kontribusyon sa takdang petsa na tinukoy sa Demand Letter, maaaring simulan ang pagkumpiska ng mga ari-arian*2 at ang pag-convert ng mga ito sa pera sa pamamagitan ng pagbebenta upang mabayaran ang utang.

Depende sa sitwasyon ng negosyo, maaaring pahintulutan ang pagbabayad sa ilalim ng installment plan o ang suspensyon ng pagkumpiska ng ari-arian kahit pagkatapos ng takdang petsa ng Demand Letter, kung matutugunan ang mga itinakdang kondisyon at matatapos ang lahat ng pagbabayad sa itinakdang panahon.

(Gayunpaman, ipapataw pa rin ang multa; tingnan ang seksyon ng Multa sa likod.)

*1 Ang Paunawa ng Paghahabol sa Bayad ay isang lehitimong hakbang na nagreresulta sa pagpapatupad tulad ng pagkumpiska ng ari-arian.

*2 Mga ari-arian ng korporasyon (o iba pang legal na tao) sa kaso ng korporasyon (o iba pang legal na tao).

Halimbawa ng Paunawa ng Paghahabol sa Bayad ayon sa kalagayan noong Marso 2025
(napapailalim sa pagbabago sa hinaharap)

Pagpapatupad pagkatapos ng demand

Kung hindi pa rin nabayaran ang kontribusyon pagkatapos ng petsa ng pagbabayad na tinukoy sa Demand Letter, susuriin ang mga ari-arian^{*2}, na maaaring sundan ng pagkumpiska at pagbebenta ng mga ito. Para sa ilang mga kaso, maaaring ipagkatiwala ang operasyon ng pagpapatupad sa Pambansang Ahensya ng Buwis.

(1) Patnubay sa pagbabayad

Hinihikayat ng tanggapan ng JPS ang employer na maglatag ng plano sa pagbabayad na magbibigay-daan upang mabayaran ang natitirang halaga sa lalong madaling panahon. Isinasaalang-alang ang sitwasyon ng negosyo, maaaring aprubahan ang plano kasama ang buwanang halaga ng bayad.

Pakisuyong tandaan na, kung matutugunan ang ilang kondisyon, tulad ng kung ang agarang pagbabayad ng mga kontribusyon ay maaaring magdulot ng panganib sa pagpapatuloy ng negosyo, maaaring mag-aplay para sa sistema ng palugit na nagpapahintulot sa pagbabayad sa installment.

Kasama rin sa sistema ng palugit ang suspensyon ng pagkumpiska ng ari-arian para sa pagbebenta (kailangang mag-aplay sa loob ng anim na buwan mula sa takdang petsa ng pagbabayad). Pakisuyong tandaan na maaaring kabilang dito ang bahagyang eksemasyon ng multa sa panahon ng pagpapahintulot.

(2) Pagsusuri ng ari-arian

Susuriin ang mga deposito sa bangko ng korporasyon o iba pang legal na tao, mga account receivable mula sa mga kasosyo sa negosyo (kung kinakailangan), lupa, gusali, at iba pang ari-arian.

(3) Pagkakakumpiska ng ari-arian at pagbebenta

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, maaaring kumpiskahin ang mga ari-arian^{*2}.

Kabilang sa mga nakumpiskang ari-arian, ang deposito sa bangko, account receivable, at iba pa ay agad na gagamitin para sa pagbabayad ng utang. Kung kinakailangan, maaaring ibenta ang mga nakumpiskang lupa, gusali, at iba pang ari-arian sa pampublikong bentahan upang gawing pera ang mga ito.

(4) Inilalagay ng JPS ang mga operasyon nito sa Pambansang Ahensya ng Buwis

Kung ang mga lugar ng trabaho na may malaking halaga ng hindi nabayaranang kontribusyon ay sadyang hindi sumusunod sa mga patnubay sa pagbabayad, maaaring ipasa ang pagpapatupad ng operasyon sa Pambansang Ahensya ng Buwis.

Multa

Kapag nabayaran ang kontribusyon pagkatapos ng takdang petsa na tinukoy sa Demand Letter, ipapataw ang multa sa hindi nabayaranang kontribusyon. Ang halaga nito ay kinakalkula sa pamamagitan ng pag-multiply ng bilang ng mga araw na inabot ka sa pagbayad ng mga kontribusyon^{*3}, halaga ng kontribusyon (ni-round down sa pinakamalapit na 1,000 yen) at mga tiyak na rate.

^{*3} Bilang ng mga araw mula sa susunod na araw ng ORIHINAL na takdang petsa hanggang sa nakaraang araw ng petsa na talagang nagbayad ka.

